


Contents

- 2 日本語版
- 4 Bản tiếng Việt [ベトナム語版]
- 6 中文版 [中国語版]
- 8 Bersyon sa Pilipino [フィリピン語版]
- 10 Edisi Bahasa Indonesia [インドネシア語版]
- 12 ລົບນັບພາສາໄທ່ [タイ語版]
- 14 ភាសាខ្មែរ [カンボジア語版]
- 16 မြန်မာဘာသာ မူ [ミャンマー語版]
- 18 Монгол хэл дээрх хувилбар [モンゴル語版]
- 20 English Version [英語版]

こくごのもり

小学低学年の児童を対象に国語の楽しさを知ってもらおうと、イラストを多用してつくった問題で「毎日小学生新聞」に長期連載。

©毎日小学生新聞 複製、転用はできません



答えはP22にあります。

Kaibigan ng mga teknikal intern trainees

Enero 2021 Winter issue

Mag-ingat upang maiwasan ang impeksyon sa Covid-19

Sa kasalukuyan (Nobyembre 2020), nagpapatuloy ang sitwasyong nangangailangan ng pag-iwas sa impeksyon sa Covid-19. Ang mga teknikal intern trainee ay gugugol ng mga araw upang makaiwas sa nakakahawang sakit. Ang mga bagay na dapat pag-ingatan, tulad ng pag-iwas sa impeksyon sa dormitoryo, ay naka-post mula sa "Pag-iingat sa Coronavirus Infectious Disease (COVID-19)" na inisyu ng Organization for Technical Intern Training (OTIT).

Bago pumasok sa trabaho

- ✓ Kunin ang iyong temperatura
 - 1) May temperature ka na 37.5°C o pataas.
 - 2) May sintomas ka ng sipon at matamlay ang pakiramdam, o iba pa. Kung may kaibahan sa nararamdamang at hindi maganda ito, kontakin ang technical instructor o ang iyong daily life instructor.

Kapag lalabas

- ✓ Iwasan ang paglabas kung hindi mabuti ang pakiramdam.
- ✓ Magsuot ng mask kapag lalabas.

Pag umuwi na ng bahay

- ✓ Hugasang mabuti ang kamay ng sabon at tubig. Gamitin ang sariling tuwalya.
- ✓ Kapag magtatapon ng mga ginamit na masks, tissues, gloves, atbp., siguraduhin na saradong mabuti ang bukasan ng supot ng basura para hindi ito mahawakan ng iba.

Kapag namumuhay na may kasamang iba

- ✓ Kahit sa bahay, panatilihin ang layo na distansyang dalawang metro sa ibang tao.
- ✓ Kapag makikipag-usap, magsuot ng mask at iwasan ang malakas naboses.
- ✓ Hugasan ang kamay kapag bumahing at umubo. Gamitin ang sariling tuwalya
- ✓ Buksan ang bintana ng dalawang beses sa isang oras para mapalitan ang hangin.
- ✓ I-disinfect ang mga gamit (remote control, refrigerator, switch ng ilaw, dryer) na ginagamit din ng mga kasamahan mo sa bahay.
- ✓ Ibaba ang cover ng toilet bowl at i-flush pagkatapos gamitin.

[Kapag kakain]

- ✓ Hugasan ang kamay bago at pagkatapos kumain.
- ✓ Maghanda ng pagkain na hiwa-hiwalay ang plato.

[Sa pagligo]

- ✓ Gamitin ang sariling tuwalya.
- ✓ Magsalitan sa paggamit ng banyo.

[Sa pagtulog]

- ✓ Kung may kasama kang matulog sa kuwarto, panatilihin na may distansya hanggang maaari.
- ✓ Kapag matutulog, magkasalungat dapat ang posisyon ng inyong ulo.

🌐 Tungkol sa impeksyon sa Covid-19 (Organization for Technical Intern Trainees)

<https://www.otit.go.jp/CoV2/>

Maaari mong basahin ang tungkol sa pag-kontrol ng nakakahawang sakit, suporta sa buhay, katayuan ng paninirahan, atbp. sa iyong katutubong wika o sa easy Japanese.

Subukan natin ang Japanese Essay Contest

Sa JITCO, taon-taon ay nagkakaroon ng "Japanese Essay Contest". Ang pagsulat ng isang essay sa Japanese ay hindi madali, ngunit narito ang ilang mga tip para sa pagsusulat ng mahusay na essay, kaya't subukin ito.

Ang mga kinakailangan sa aplikasyon para sa 2021 Japanese Essay Contest ay naka-iskedyul na ipahayag sa website ng JITCO sa unang bahagi ng Pebrero. Inaasahan namin ang inyong aktibong aplikasyon!

~~~~~ Subukan natin ang pagsusulat! ~~~~~

### ⇒ Ituon ang pansin sa isang paksa

Sa aming palagay, sa inyong pagdating sa Japan, kayo ay mayroong iba't ibang karanasan araw-araw, tulad ng masayang bagay, malungkot, nakakagulat, at masakit na bagay. Sa pagsusulat ng komposisyon, pagtuunan ng pansin ang isang paksa mula sa iba't ibang bagay. Maaari mong maipadama ang iyong nararamdaman sa pamamagitan ng pagsulat nang konkretong nangyari, sino ang nagsabi ng kung ano, at kung ano ang naisip mo.

### ⇒ Ikaw lamang ang tanging makapagsusulat nito

Ang simple at maikling impresyon na "Napakalinis ng kalsada sa Japan" ay malamang na isulat ng karamihang tao. Upang makagawa ng mahusay na komposisyon, mahalagang isulat ito na nauugnay sa iyong sariling kongkretoong karanasan, halimbawa, "Tinanong ko ang tauhan sa kumpanya kung bakit malinis ang kalsada."

### ⇒ Mag-isip ng pamagat

Sa halip na hindi malinaw na mga pamagat tulad ng "Ang aking buhay" at "Mga alaala ng Japan," bigyan ang pamagat ng isang bagay na nanaising basahin ng mga mambabasa, "Ano kaya ang nilalamana nito?"

● Maaari mong makita ang mga gawa ng nakaraang nagwagi sa Japanese Essay Contest dito.

Mga koleksyon ng mga mahuhusay na komposisyon ng nakaraang Japanese Essay Contest  
[https://www.jitco.or.jp/ja/service/guidebook/#contest\\_pc](https://www.jitco.or.jp/ja/service/guidebook/#contest_pc)

Bersyon ng website "Mga kaibigan ng mga teknikal intern trainee" Japanese language and culture > Japanese Essay Contest

<https://www.jitco.or.jp/webtomo/>

## ALAMIN NATIN ANG KALOOBAN NG MGA HAPON SA PAMAMAGITAN NG MAN-GA

### — Nakikipag-chat sa tren —



**Marahil hindi kumbinsido si Marui san at pinagbawalan siya ng katabi niya...**

Sa panahon ng Covid, dapat na iwasan ang pakikipag-usap sa telefono at sa mga kaibigan sa loob ng tren

